

# Isang Gabay Para Sa Consumer Sa Mga Ahensiya para sa Kasamang Tagatulong sa Gawaing-Bahay



*Ng Connecticut Department of Consumer Protection*

Ang mga kasamang tagatulong sa gawaing-bahay ay maaaring i-hire sa pamamagitan ng isang ahensiya para sa kasamang tagatulong sa gawaing-bahay o registry para sa kasamang tagatulong sa gawaing-bahay.

- Inilalagay ng mga ahensiya ang **kanilang** mga empleyado sa mga bahay.
- Itinutugma ng mga registry ang mga kasamang tagatulong sa gawaing-bahay, na may bahagi ng suweldong babayaran ng consumer o na mga independiyenteng kontratista, sa mga taong nangangailangan ng mga serbisyo.

Kung kailangan mo ng tulong sa bahay para sa iyong sarili o sa isang miyembro ng pamilya at pinag-iisipan mong kumuha ng kasamang tagatulong sa gawaing-bahay, may ilang bagay na dapat isaalang-alang:

- Makipanayam sa mahigit sa isang ahensiya bago pumirma ng kontrata — mahalaga na mapagkakatiwalaan ang ahensiya na mababantayan nila ang kanilang mga empleyado at susundin nila ang mga panuntunan at regulasyon ng Connecticut.
- Kung pinag-iisipang gumamit ng registry sa halip na ahensiya, ikaw o ang mahal mo sa buhay ay maaaring magkaroon ng responsibilidad na maghain ng dokumento sa Internal Revenue Service (IRS, Serbisyo ng Kita na Internal) at magbayad ng mga buwis para sa pagtatrabaho.
- Tiyaking papasok ka sa isang kontrata o kasunduan sa serbisyo na ganap na sumasaklaw sa mga serbisyong kailangan mo.

## **Mga bagay kung saan maaaring makatulong ang isang kasamang tagatulong sa gawaing-bahay:**

- Paglalaba, paglilinis ng bahay, pagluluto, pamimili, pag-aasikaso sa mga tungkulin, personal na kalinisan, pagbiyahe papunta sa mga appointment at iba pang serbisyong hindi medikal.

## **Ang mga bagay na hindi nila maaaring gawin:**

- Ang mga kasama ay **HINDI** maaaring magbigay ng **ANUMANG** medikal na serbisyo gaya ng pagkuha ng presyon ng dugo, pagbibigay ng gamot o ng physical therapy.

## **Kailangan ng isang HCA na:**

- Kumuha at magpanatili ng rehistrasyon sa Homemaker Companion Agency (HCA, Ahensiya para sa Kasamang Tagatulong sa Gawaing Bahay) mula sa CT Department of Consumer Protection (Kagawaran ng Proteksyon ng Customer ng Connecticut)
- Magbigay sa iyo ng nakasulat na kontrata o plano ng serbisyo sa loob ng pitong araw pagkatapos ibigay ang mga serbisyo
- Hindi magbigay ng indibidwal na may mas mataas na kasanayan sa halagang mas mahal kaysa sa kailangan
- Magsagawa ng kumprehensibong pagsusuri ng background ng potensiyal na empleyado
- Kapanayamin nang personal o sa pamamagitan ng video conference ang lahat ng potensiyal na empleyado
- Magbigay sa DCP ng mga talaan ng negosyo para sa pagsisiyasat kung hihilingin
- Magsanay ng mga kawaning aatasan bilang tagaulat — sila ang agad na mag-uulat ng anumang problema sa kaligtasan o kalusugan
- Magtabi ng \$10,000 na surety bond o insurance policy
- Magpanatili ng mga tala sa file ng bawat kliyente na kabibilangan ng mga obserbasyon, problema, reklamo, plano ng pagkilos, impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa telepono, ulat ng pagbisita sa bahay ng mga superbisor, at mga resulta ng lahat ng imbestigasyon

## Kailangan ng isang registry na:

- Magbigay ng nakasulat na paunawang tumutukoy sa mga legal na obligasyon ng nasabing registry
- Payuhan ka na maaaring may responsibilidad kang magbayad ng buwis sa pagtatrabaho, suweldo at overtime ng mga manggagawa para sa tagatulong sa gawaing-bahay o kasama
- Payuhan kang magpakonsulta sa isang propesyonal sa buwis kung hindi ka sigurado sa iyong responsibilidad para sa pagbabayad ng buwis

## Ang mga nakasulat na kontrata at plano ng serbisyo ay dapat magbigay ng:

- Listahan ng mga serbisyong ibibigay, kasama na ang mga termino at gastusin
- Pagpapakahulugan sa salitang empleyado, provider, at ugnayan sa trabaho ng kliyente
- Mga pag-iingat para sa pag-secure ng personal na impormasyon ng kliyente
- Listahan ng mga kategorya gaya ng “live-in (pagtira sa bahay)” o “daily call (araw-araw na pagtawag),” at mga tungkulin sa trabaho
- Paunawang nagsasabing maaari mong kanselahin ang isang kontrata o plano ng serbisyo anumang oras kung hindi ito nagpapahayag ng partikular na haba ng panahon
- Patakaran ng HCA para sa pagtanggap ng mga tip at regalo
- Paliwanag tungkol sa kung paano maghain ng reklamo sa isang ahensiya
- Paliwanag na may karapatan kang humiling na baguhin, o suriin ang kontrata o plano ng serbisyo
- Paliwanag na maaaring hindi saklaw ng insurance ang kanilang mga serbisyo
- Nakasulat na notipikasyon na nasuri na ang background

**Siguruhing magtatanong at tiyaking nauunawaan mo ang lahat ng pinipirmahan mo.**

## Mga Dulugan

- Maaaring ihain ang mga reklamo sa DCP sa pamamagitan ng pag-email sa [dcp.complaints@ct.gov](mailto:dcp.complaints@ct.gov).
- Beripikahin ang pagpaparehistro ng isang Ahensiya o Registry sa <https://www.elicense.ct.gov/>
- Kung pinaghihinalaan mo o naniniwala kang ang isang nakakatandang tao ay biktima ng pang-aabuso, kapabayaan (kasama na ang pagpapabaya sa sarili), pananamantala o pag-abandona, tumawag sa 911.
- Kung walang agarang panganib, tumawag sa pang-emergency na contact sa Protective Service Intake Lines (Mga Linyang Tumatanggap ng Tawag para sa Pamprotektang Serbisyo):
  - **Sa Mga Oras ng Negosyo (Toll Free):**
    - Sa Loob ng Estado: 1-888-385-4225
    - Sa Labas ng Estado: 1-800-203-1234
  - **Mga Emergency Pagkatapos ng Oras ng Negosyo (Toll Free):**
    - Sa Loob ng Estado: 2-1-1
    - Sa Labas ng Estado: 1-800-203-1234

## Makipag-ugnayan sa Department of Consumer Protection

**Pangunahing Linya  
(860) 713-6100**

**Sentro para sa Reklamo ng Consumer  
(860) 713-6300**

**Toll Free:  
(800) 842-2649  
[dcp.complaints@ct.gov](mailto:dcp.complaints@ct.gov)**

**450 Columbus Boulevard, Suite 901  
Hartford, Connecticut 06103-1840**